

APRIL 2024 ISSUE



IMUS, MAHAL KONG BAYAN

BAN AAAG

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

55,000 IMUSEÑO, NAG-ALAB
ANG PUSO'T DAMDAMIN SA

AALAB

IMUS SUMMER MUSIC FEST 2024



Naki-senti at nakipagrakrakan ang humigit-kumulang 55,000 katao sa "AAlab Imus Summer Music Fest 2024" na handog nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, katuwang ang Pamahalaang Lungsod ng Imus, nitong Abril 27, 2024 sa City of Imus Grandstand and Track Oval.

Sabay-sabay na kumanta ang mga Imuseño sa hugot songs gaya ng "Babalik Sa'yo" at "Paubaya" ng popular na singer-songwriter na si Moira Dela Torre at sa mga kantang pinasikat ng rock band na Kamikazee tulad ng "Narda" at "Doo Bi Doo."

Nakasama rin sa nag-iinit na gabi ang indie pop-rock band na I Belong to the Zoo, tampok ang mga awiting "Sana" at "Balang Araw," pati na rin ang alternative rock band na Talata at rising band na FIONA.

Sa pamamagitan ng video message, nagbigay-pagbati si Senador Bong Revilla, inilahad naman ni Cong. AJ na muling magkakaroon ng libreng concert sa Disyembre, habang pinasalamatan ni Mayor AA ang mga tao sa likod ng matagumpay na concert.

Nakisaya rin si Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, mga konsehal, at si Board Member Chelsea Sarno.

Sa pagtatapos ng naturang music fest, inilunsad ng lokal na pamahalaan, sa pangunguna ng Imus City Environment and Natural Resources Office, ang proyektong Eco Bags upang maipaalala sa mga dumalong responsibilidad nilang panatilihin malinis ang kapaligiran dahil mahalagang "AngAt ang Kalinisan sa Imus."

Ang "AAlab Imus Summer Music Fest 2024" ay ang ikalawang summer concert at ikaapat sa mga idinaos na libreng concert nina Mayor AA at Cong. AJ.



CITY GOVERNMENT OF IMUS
facebook.com/CityOfImus




NEGROS ORIENTAL PROVINCIAL ENGINEERING OFFICE, BUMISITA SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG IMUS

Sinalubong ng mga lingkod bayan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang mga kinatawan ng Negros Oriental Provincial Engineering Office (PEO) sa kanilang pagbisita sa lungsod para sa isang benchmarking nitong Abril 18, 2024.

Inalam ng Negros Oriental PEO ang mga sistemang iniimplementa ng Office of the Building Official, kabilang na ang ginagamit na air-conditioner units, generator set, at ang fire prevention system sa New Imus City Government Center.

Pinangunahan nina City Administrator Tito Monzon, kinatawan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, at City Architect Roel Saquilayan ang naturang benchmarking.



PAGBISITA NINA MAYOR AA AT CONG. AJ SA MGA BIKTIMA NG SUNOG SA BRGY. MEDICION II-E

Personal na kinumusta nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang 12 pamilyang biktima ng sunog sa Paeso Compound, Brgy. Medicion II-E nitong Abril 25, 2024

Kaakibat ng kanilang pagbisita ay ang paghahatid ng pagkain at tulong pinansyal sa mga nasunugan upang muli silang makapagsimula.

Samantala, isang araw bago ang pagdalaw nina Mayor AA at Cong. AJ, namahagi ng relief goods ang Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office sa mga nasunugan sa Paeso Compound, Brgy. Medicion II-E at maging sa mga biktima ng sunog sa Riverside, Brgy. Malagasang II-D at Brgy. Malagasang I-A.

Ilan sa mga nilalaman ng relief goods ay ang food pack, hygiene kits, at tulagan.

Pansamantalang nanunuluyan sa Fatima Church ang 12 pamilya mula sa Paeso Compound, habang nanunuluyan ang mga biktima mula sa Riverside sa kanilang kaanak.





EXPLORE AND LOVE IMUS: KAUNA-UNAHANG PUPUGAYO FESTIVAL

PUPUGAYO FESTIVAL

Pumagaypay ang mga saranggola sa himpapawid ng Imus sa kauna-unahang Pupugayo Festival, may temang "Explore and Love Imus," ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at ng City Tourism and Heritage Office (CTHO), na ginanap nitong Abril 27, 2024 sa Heritage Park, Alapan II-B.

Layunin nitong buhayin ang tradisyong pagpapalipad ng saranggola at ipagdiwang ang turismo, sining, kultura, at malusog na kompetisyon.

Nagsama-sama rito ang mga Imuseñong nagpamalas ng kanilang talento sa paggawa at sa pagpapalipad ng mga makukulay na saranggola.

Nahati sa dalawang kategorya ang kompetisyon: Pupugayo Flat Kite o Guryon traditional kite at 3D Figure Kite o 3D geometric-shaped kite.

Nakatanggap din ng mga papremyo ang mga natatanging saranggola gaya ng pinakamakulay, pinakamalaki, pinakamahaba, pinakamaingay, pinakamaliit, at pinakakakaibang saranggola.

Bukod sa kompetisyon, iba't ibang aktibidad din ang inihatid ng Pupugayo Festival para sa buong pamilya. Ilan sa mga ito ay ang mga workshop sa paggawa at pagpapalipad ng saranggola para sa mga batang edad tatlo hanggang anim na taong gulang at food bazaar tampok ang mga pagkaing Imus.

Dinaluhan ito nina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Board Member Shernan Jaro, Konsehal Lloyd Jaro, Konsehal Jelyn Maliksi, Konsehal Darwin Remulla, Konsehal Sherwin-Lares Comia, Konsehal Enzo Asistio, Konsehal Igi-Revilla Ocampo, City Administrator Tito Monzon, at CTHO Officer-in-charge Dr. Jun Paredes.

Sa pamamagitan ng Pupugayo Festival: Explore and Love Imus, nasaksihan ng mga Imuseño ang hiwaga at ganda ng umaangat na Imus.

GULONG NG PAG-ASA: CONG. AJ, NAMAHAHI NG WHEELCHAIR SA MGA IMUSEÑO

Muling naghatid ng pag-asa si Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula sa mga Imuseñong may kapansanan at senior citizen sa pamamagitan ng mga bagong wheelchair noong Abril 19, 2024.

Personal na binisita ni Cong. AJ ang limang benepisyaryo at naghandog ng grocery package, bigas, at tulong pinansyal na maaari nilang magamit sa kanilang araw-araw na pangangailangan.

Lubos naman ang pasasalamat ng mga nakatanggap ng mga bagong wheelchair lalo na't malaking tulong ito para maibsan ang kanilang iniindang karamdaman.

Patuloy naman si Cong. AJ, kasama ang buong Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pag-alalay at pag-agapay sa mga pangangailangan ng bawat Imuseño.



137 UNIPORME NG IMUS PULIS, IGINAWAD NG IMUS LGU

Sa mungkahi ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, opisyal na tinanggap ng Philippine National Police (PNP) Imus, sa pangunguna ni Chief Officer PLTCOL Jack Angog, ang 137 bagong uniporme mula sa Pamahalaang Lungsod ng Imus nitong Abril 22, 2024.

Kinabibilangan ito ng pitong Special Weapons and Tactics (SWAT) uniforms at 130 opisyal na uniporme ng PNP.

Nakasama rin sa paghandog si Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

Isang buwan matapos magtrabaho ng 1,649 na Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD), personal na iniabot ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula ang kanilang sahod sa pamamagitan ng isang payout noong Abril 12, 2024 sa City of Imus Sports Complex.

Kaagapay rin sa programang ito ang tanggapan ni Senador Bong Revilla Jr. Kinumusta naman nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at mga konsehal ang naging karanasan ng mga manggagawa sa kanilang pansamantalang trabaho.

Patuloy ang pakikipagtulungan nina Cong. AJ at Mayor AA kina Senador Bong Revilla Jr. at Congressman Bryan Revilla upang mas maraming Imuseño pa ang matulungan.



1,649 TUPAD WORKERS, NATANGGAP NA ANG KANILANG SAHOD



CONGRATULATIONS, CITY OF IMUS!



IMUS PINARANGALAN NG SEAL OF CHILD-FRIENDLY LOCAL GOVERNANCE

Pormal na tinanggap ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang Seal of Child-friendly Local Governance noong Abril 4, 2024 sa City of Carmona, Cavite.

Isang patunay na tuloy-tuloy ang pagsasagawa nito ng mga programang nagbibigay-prayoridad sa kapakanan at pag-angat ng mga bata at kabataang Imuseño.

Matatandaang nakapasa sa 2022 Seal of Child-friendly Local Governance Audit ang Pamahalaang Lungsod kasama ang 62 lokal na pamahalaan sa CALABARZON.



Inilapit ng Cavite Career Caravan ang humigit-kumulang 8,000 job vacancies sa mga Imuseñong naghahanap ng trabaho noong Abril 5, 2024 sa Robinsons Imus.

Sa 244 na aplikante, 17 rito ang natanggap agad sa trabaho. Nakasama rin ang 43 kumpanya at iba't ibang ahensya ng gobyerno.

Kasabay nito ay ginanap ang isang Career Coaching, kung saan natutunan ng mga dumalo ang wastong pagsusulat ng resume, maayos na pagsagot sa mga job interview, at kung paano maiiwasang maging biktima ng mga illegal recruiter.

Ang Cavite Career Caravan ay pinangungunahan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite, sa pakikipagtulungan ng Cavite Provincial Public Employment Service Office (PESO) sa Cavite Sangguniang Kabataan Federation at sa Imus PESO ng Pamahalaang Lungsod ng Imus.

CAVITE CAREER CARAVAN, NAGTUNGO SA IMUS PARA SA MGA IMUSEÑONG NAGHAHANAP NG TRABAHO



2 ECO CABS, 50 ECO-CARTS HANDOG NINA MAYOR AA AT CONG. AJ SA BARANGAY ECO-AIDES NGAYONG EARTH DAY 2024

Bilang pakikiisa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pagdiriwang ng Earth Day 2024, iginawad nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ng mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus ang 50 bagong eco-carts at dalawang bagong eco cabs sa eco-aides ng mga barangay sa Imus nitong Abril 22, 2024.

Kasabay nito ay isinagawa rin ang pagbabasbas sa dalawang eco cabs na magagamit ng mga barangay sa mga malalaking paglilinis sa lungsod.

Ang mga ito ay munting handog nina Mayor AA at Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula para makatulong sa paglilinis ng mga eco-aide.

Ang tema ng Earth Day 2024 ay "Planet vs. Plastics" na may layuning higit pang malinang ang kaalaman ng publiko sa mga panganib na dala ng plastik sa kalusugan. hindi lamang ng taong-bayan, kung hindi maging ang mga hayop.



500 IMUSEÑONG MUSLIM NAKATANGGAP NG GROCERY PACKAGE AT BIGAS MULA KAY CONG. AJ AT IMUS LGU

Sa pakikipagtulungan ng tanggapan ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula sa Pamahalaang Lungsod ng Imus, nakatanggap ng grocery package at bigas ang humigit-kumulang 500 Imuseñong Muslim sa mga barangay Bayan Luma II at Tanzang Luma I noong Abril 8, 2024.

Bahagi ito ng pakikiisa ng kaniyang tanggapan at ng Pamahalaang Lungsod sa banal na pagdiriwang ng Ramadan.

Nanguna sa pamamahagi sina Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Chief of Staff Allen Atienza bilang kinatawan ni Cong. AJ, at Special Assistant to the Mayor Jeff Purisima bilang kinatawan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula.

Naniniwala ang mga namumuno sa Imus na ang paglilingkod sa bayan ay walang pinipiling relihiyon.



SUN LIFE CYCLE PH SA IMUS, MATAGUMPAY NA NILAHUKAN NG 1,385 CYCLISTS

Muling ginanap ngayong taon ang Sun Life Cycle PH sa Vermosa, Lungsod ng Imus nitong Abril 7, 2024 na layong mahikayat ang buong pamilyang magbisikleta.

Tampok ang pitong kategoryang pangpamilya, nakasamang magbisikleta ng 1,385 kalahok ang sikat na aktor na si Piolo Pascual at ang batikang mamamahayag na si Kara David.

Naging bahagi rin nito sina City Administrator Tito Monzon, City Information Officer Ervin Ace Navarette, at City Tourism and Heritage Office Officer-in-charge Dr. Jun Paredes.

Ang Sun Life Cycle PH ay ang taunang cycling event na pinangungunahan ng Sun Life, at sa ikalawang taon ay katuwang nito ang Pamahalaang Lungsod ng Imus.



MALAGASANG DEFENDING CHAMPION SA 2024 INTER-BARANGAY 2ND AJAA CUP SOFTBALL TOURNAMENT

Tagumpay ang Malagasang na depensahan ang kanilang kampeonato sa puntos na 6-1 kontra Tanzang Luma sa finals ng 2024 Inter-barangay 2nd AJAA Cup Softball Tournament na ginanap noong Abril 14, 2024 sa City of Imus Grandstand and Track Oval.

Personal na nasaksihan nina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ng mga konsehal ang bakkaban sa pagitan ng dalawang koponan.

Natunghayan din ng mga lingkod bayan ang laban ng Bucandala at Anabu 1st para sa second place, kung saan tagumpay ang Bucandala sa puntos na 5-3.


Para naman sa individual awards, kinilala bilang Season Most Valuable Player (MVP), Best Slugger, Most Run Batted In, at Most Home Run si Kevin Campaña. Finals MVP naman ang dating konsehal na si L.A. Deocadis, Best Hitter at Most Stolen Bases si Arnel Arrieta, at Best Pitcher si Richie Topacio.

Bukod sa mga plake ay ginawaran din ng P150,000 ang koponan ng Malagasang, P100,000 ang Tanzang Luma, P75,000 ang Bucandala, at P50,000 ang Anabu 1st.

Ang bawat koponan ay nakatanggap din ng P20,000.

Matatandaang nag-umpisa noong Marso 9, 2024 ang tagisan ng mga koponan sa 2024 Inter-barangay 2nd AJAA Cup Softball Tournament.

APRIL 2024 ISSUE



CITY COLLEGE OF IMUS, IDINAOS ANG UNANG GRADUATION CEREMONY NGAYONG TAON

Ganap nang nagtapos ang 362 mag-aaral mula sa 22 vocational programs ng City College of Imus (CCI) noong Abril 5, 2024 na ginanap sa City of Imus Sports Complex.

Sa 362 nagtapos, 62 ang nakatanggap ng mga pagkilala. Pinangunahan ito ni Madel A. Lim at sinundan nina Beverly T. Atienza at Ahron Dave D. Paparon.

Ang nasabing seremonya ay dinaluhan ni City Administrator Tito Monzon bilang kinatawan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at ni CCI Officer-in-charge Vicky Calitis.

Sa pamamagitan ng CCI, libreng nakapag-aaral ang mga Imuseño ng iba't ibang technical vocational courses.

EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief: Ervin Ace H. Navarette

Managing Editor: Nikki Elline C. Barco

Head Writer: Francesca Mandac

Art Directors: Christian Yunson
Elai Lardizabal

Photo Credits: City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman



Inilathala ng:
IMUS CITY INFORMATION OFFICE

2F Imus City Government Center

Email: imuscityinformationoffice@gmail.com

www.cityofimus.gov.ph